Magtakda ng Appointment Ngayon

1-800-756-5437

Suso, Cervix at Colon
Programang Pangkalusugan
401 5th Avenue, Suite 900
Seattle, WA 98104-2333
www.kingcounty.gov/health/cancer

Para sa pangkalahatang impormasyon sa kanser, tumawag sa:

American Cancer Society
1-800-ACS-2345
(24 oras isang araw, 7 araw isang linggo)
www.cancer.org

Centers for Disease Control
www.cdc.gov

Cancer Information Service
1-800-4-cancer
www.cis.nci.nih.gov

Public Health
Seattle & King County

Programang Pangkalusugan para sa Suso, Cervix at Colon
Nagliligtas ng mga Buhay sa Pamamagitan ng Maagang Deteksiyon

TAGALOG

HSPwa_GenBroch 08/2009

Programang Pangkalusugan para sa **Suso, Cervix at Colon**

Nagliligtas ng mga Buhay sa Pamamagitan ng Maagang Deteksiyon

Ang iyong katawan. Ang iyong buhay. Protektahan pareho.

Magpasuri.

Habang ikaw ay tumatanda, ang peligro sa kanser ay tumataas lalo na kung mahigit 40 ka na. Ang mga regular na pagsusuri ay maagang makakakita ng mga problema kung kailan ito pinaka-magagamot. Kapag ang kanser ay maagang nakita at nagamot, pinatataas mo ang iyong pagkakataong mamuhay nang mas matagal.

Ang Pinakamahusay na Proteksiyon ay ang Maagang Deteksiyon.

Samahan ang sampu-sampung-libong tao sa Washington State na nasuri na para sa kanser.

"Ipinagmamalaki ko ang Programang Pangkalusugan ng Suso, Cervix at Colon ng Washington sa paglalagay sa pagsusuring ito bilang priyoridad. Ikinalulugod ko na hindi nila pinababayaan ang mga taong walang seguro o walang pera upang mapagawa ang pagsusuring ito. Mas konti ang mamamatay kung alam ng lahat ng tao ang napakagandang mga pagsusuri sa kanser na kanilang makukuha sa pamamagitan ng mga programang ito."

Marcia Schnaubelt
Sequim, WA

Si Marcia ay nakatanggap ng mga serbisyong pagsusuri sa suso, cervix at colon sa pamamagitan ng programang pinondohan ng Kagawaran ng Kalusugan ng Estado.

Huwag hayaang maging balakid ang pera. Maaari kang maging kwalipikado para sa mga libreng pagsusuri.

Maaari kang maging karapat-dapat para sa eksaminasyon sa kalusugan at pagsusuri sa kanser nang walang bayad kung ikaw ay:

- nasa edad na 40 hanggang 64
- limitado ang kita
- may limitado o walang seguro

Para masangguni sa isang klinika na malapit sa iyo o para sa higit pang impormasyon, tumawag sa (walang bayad) Community Health Access Program (CHAP):
1-800-756-5437

Tumawag ngayon at malaman kung karapat-dapat ka para sa mga de-kalidad na mga programang pagsusuring ito:

- **Pagsusuring Pangkalusugan sa Suso at Cervix** para sa mga kababaihan na nasa edad 40-64
- **Pagsusuring Pangkalusugan sa Colon** para sa mga kalalakihan at kababaihan na nasa edad 50-64

Mga Gabay sa Pagsusuri

Para sa Maagang Deteksiyon ng Kanser sa Suso:

Ang regular na pagsusuri sa suso ay makakahanap ng kanser kapag ito ay kasing liit ng buto.

Minumungkahing mga pagsusuri:

- Mammogram (x-ray ng suso) bawat taon (simulan sa edad 40)
- Klinikal na pagsusuri sa suso na gawa ng tagapagbigay-alaga sa kalusugan bawat taon (mula edad 18)

Upang Maiwasan ang Kanser sa Cervix:

Ang pagsusuri sa cervix ay makakapag-tukoy ng bago-mag-kanser na mga selula bago ito maging kanser.

Minumungkahing mga pagsusuri:

- Pap test bawat 1-3 taon. Magtanong sa iyong tagapagbigay-alaga sa kalusugan kung gaano kadalas mo kailangan ng Pap Test (simula sa edad 18)
- Human Papilloma Virus (HPV) bakuna para sa mga kababaihan (nasa edad 9-26)

Upang Maiwasan ang Kanser sa Colon:

Ang pagsusuri sa colon ay maagang makakapagtukoy sa mga tumutubo bago ito maging kanser. Maaaring hindi mo kailanman maramdaman ang mga sintomas-tanging ang pagsusuri ang makakapagtukoy dito.

Ang mga minumungkahing pagsusuri (kausapin ang iyong tagapagbigay-serbisyo kung aling pagsusuri ang tama para sa iyo):

- FOBT o FIT (mga pagsusuri sa dumi)
- Colonoscopy
- Flexible Sigmoidoscopy

Simulan ang pagsusuri sa kalusugan ng colon sa edad 50. Kung may kasaysayan ang inyong pamilya ng colon kanser, maaaring kailangan kang magsimulang magpasuri sa mas maagang edad. Alamin ang kasaysayan ng iyong pamilya at talakayin ito sa iyong tagapagbigay-alaga sa kalusugan.

Ang mga nasyonal na gabay sa pagsusuri ay minumungkahi ng U.S. Department of Health & Human Services.